

Tala: 1

Prostatectomy(includes abstract) Neff DM; Carmack A; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052391

Abstract: Ang prostatectomy ay isang operasyon upang tanggalin ang lumaking prostate gland. Ginagawa ito upang: Maibsan ang mga sintomas na urinary mula sa kondisyong hindi nagiging cancer (simple prostatectomy) ; Tanggalin ang prostate gland na naglalaman ng cancer (radical prostatectomy) Maaari ding matanggal ang ilang nakapaligid na tissue. Maaaring gawin ang simple o radical prostatectomy gamit ang open, , o na operasyon. Ang prostate gland ay bahagi ng reproductive system ng lalaki. Ito ay gumagawa at nagtatago ng likido ng semilya (isang mala-gatas na likidong sumusustena sa semilya at bumubuo sa bahagi ng semilya). Ang normal na prostate ay parang sukat ng walnut. Ito ay nasa ibaba ng pantog at nasa harap ng tumbong.

View English

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Prostatectomy

(Pagtanggali sa Prostate Gland)

ni: Deanna M. Neff, MPH

[\[View English Version\]](#)


Kahulugan

Ang prostatectomy ay isang operasyon upang tanggalin ang lumaking prostate gland. Ginagawa ito upang:

- Maibsan ang mga sintomas na urinary mula sa kondisyong hindi nagiging cancer (simple prostatectomy)
- Tanggalin ang prostate gland na naglalaman ng cancer (radical prostatectomy)

Maaari ding matanggal ang ilang nakapaligid na tissue. Maaaring gawin ang simple o radical prostatectomy gamit ang open, laparoscopic , o robot-assisted na operasyon. Ang prostate gland ay bahagi ng reproductive system ng lalaki. Ito ay gumagawa at nagtatago ng likido ng semilya (isang mala-gatas na likidong sumusustena sa semilya at bumubuo sa bahagi ng semilya). Ang normal na prostate ay parang sukat ng walnut. Ito ay nasa ibaba ng pantog at nasa harap ng tumbong.

Anatomiya ng Prostate Gland



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

[Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan](#)

- Prostate gland
- Pantog
- Tumbong
- Urethra

Mga Dahilan para sa Proseso

Ginagamot ng prostatectomy ang mga kondisyong ito:

Benign Prostatic Hyperplasia

Ang benign prostatic hyperplasia (BPH) ay hindi kaugnay ng prostate cancer. Naiibsan ito sa transurethral resection o hiwa ng prostate (TURP or TUIP). Ang open surgery upang tanggalin ang buong prostate ay tinatawag na simple prostatectomy.

Prostate Cancer

Maaaring pag-isipan ng iyong doktor ang radical prostatectomy (kumpletong pagtanggap sa prostate) sa mga maagang yugto ng prostate cancer, kapag ito ay nasa prostate lamang.

Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Labis na katabaan
- Di-magamot-gamot o kamakailan lamang na sakit
- Mga karamdaman sa baga, bato, o puso
- Sobrang pag-inom ng alak
- Paninigarilyo
- Paggamit ng mga narkotiko o iba pang mga gamot na nakakapinsala sa utak
- Paggamit ng ilang mga nireresetang gamot, kabilang ang pampakalma ng kalamnan at sedatives, pangontra sa pagtaas ng presyon, insulin , beta-adrenergic blockers, at cortisone
- Diabetes
- Cirrhosis

Anong Maaasahan

Bago ang proseso

Gagawin ng iyong doktor ang sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- Mga pagsusuri sa dugo
- Mga pagsusuri sa ihi
- Mga x-ray ng dibdib (para sa simple prostatectomy)
- Mga pagsusuri sa pagganap ng bato
- Electrocardiogram (ECG, EKG)—isang pagsusuring nagtatala sa pagtibok ng puso sa pamamagitan ng pagsukat sa mga kuryenteng dumadaan sa kalamnan ng puso
- Ultrasound (kadalasang transrectal)—isang pagsusuring gumagamit ng sound waves upang makita ang loob ng katawan
- Scan ng buto o CT scan kung may dahilan upang paghinalaan ang pagkalat ng cancer

Sa mga araw palapit sa proseso:

- Huwag uminom ng aspirin, mga produktong may lamang aspirin, o mga gamot na pangontra pamamaga (gaya ng ibuprofen) nang isang linggo bago ang proseso.
- Sa gabi bago nito, kumain ng pagkaing magaan sa tiyan at huwag kumain o uminom ng anuman

paglampas ng hatinggabi.

Anesthesia

General o spinal anesthesia

Paglalarawan sa Proseso

Transurethral Prostate Surgery

Transurethral Resection ng Prostate (TURP)

Gumagamit ang siruhista ng natatanging instrumentong tinatawag na resectoscope. Ipinapasok niya ito sa iyong urethra sa pamamagitan ng iyong ari. Ginagamit ito upang tanggalin ang nakabarang tissue mula sa loob ng iyong gland. Pinalitan na ng mga bagong proseso, gaya ng operasyong laser, ang pangangailangan para sa prosesong ito sa ilang mga kaso.

Transurethral Incision ng Prostate (TUIP)

Ito ay katulad ng TURP, ngunit hindi tinatanggal ang prostate tissue. Gagawa ang siruhista ng 1-2 na mga hiwa kung saan nagdurugtong ang prostate at iyong pantog. Hinahayaan nitong lumaki ang urethra at palakasin ang daloy ng ihi.

Simple Prostatectomy

Simple (Open) Prostatectomy

Gagawa ang siruhista ng hiwa sa ibabang bahagi ng tiyan upang maabot ang prostate. Tatanggalin ng siruhista ang panloob na bahagi ng iyong gland. Ang prosesong ito ay hindi karaniwan sa Estados Unidos. Ito ay pinag-iisipang gamitin kapag mayroon kang iba pang nakakakumplikang salik, gaya ng mga bato o pinsala sa pantog.

Radical Prostatectomy

Radical Retropubic Prostatectomy

Gagawa ang siruhista ng hiwa sa ibabang bahagi ng tiyan sa pagitan ng pusod at pubic bone. Hinahayaan nitong maabot niya ang prostate at mga pelvic lymph node. Tinatanggal ng siruhista ang prostate mula sa pantog at urethra. Pagkatapos ay muling ikakabit ang urethra sa pantog. Susubukan ng siruhistang panatilihin ang pagganap ng nerve kaugnay sa pagganap ng pantog at pagtigas ng ari, kung lahat ng cancer ay ligtas na matatanggal. Sa ilang mga kaso, tatanggalin ng siruhista ang tissue ng lymph node para sa pagsusuri bago magpasiya kung itutuloy ang operasyon. May maraming mga bagay na isasaalang-alang ang siruhista kapag nagpapasaya kung magpapatuloy. Ang ilang mga salik ay ang bilang ng mga lymph node na may cancer at iyong edad.

Perineal Radical Prostatectomy

Gumagawa ang siruhista ng half-moon na hiwa sa pagitan ng iyong puwet at supot ng bayag. Pagkatapos ay tatanggalin niya ang iyong prostate. Ang uri ng operasyong ito ay mas madalang dahil hindi nito pinapahintulatang maabot ang mga lymph node. At ito ay mayroong mas mataas na panganib ng pinsala sa nerve.

Sa parehong mga operasyong ito kakailanganin mong pangalagaan ang iyong catheter sa bahay.

Robot-assisted Laparoscopic Radical Prostatectomy (RALRP)

Gagawa ang siruhista ng limang maliit na "butas ng susian" na mga hiwa sa tiyan para sa mga braso ng robot, kabilang ang isang maliit na camera (laparoscope). Bibigyan siya nito ng mas malawak at mas madaling hangganan ng paggalaw. Ang siruhista ay uupo sa isang kaha at gagabayan ang mga braso ng robot sa kabuuan ng operasyon. Kabilang sa mga benepisyo ang mas kaunting pagpepeklat.

Pagkatapos ng Proseso

Maaaring padaluyin ang tubig sa catheter sa pantog na ipinasok habang ginagawa ang operasyon. Ito ay ginagawa upang mabawasan ang dugo sa ihi. Ang catheter ay tatanggalin bago ka umalis sa ospital o, sa ilang mga kaso, iniwan sa puwesto nang 1-3 linggo. Hahayaan ka nitong mas madaling umihi habang nagpapagaling. Pagkatapos ng radical prostatectomy, maraming mga siruhista ang nag-iwan ng JP® drain .

Gaano Katagal Ito?

- TURP/TUIP—1-1½ oras
- Simple prostatectomy—2-4 oras
- Radical prostatectomy—2-4 oras

Masakit Ba?

Pinipigilan ng anesthesia ang pananakit habang inooperahan. Asahan mo ang ilang pananakit at kawalan ng ginhawa nang:

- 7-10 araw para sa open surgery
- 3-4 na araw para sa laparoscopic surgery

Mga Posibleng Kumplikasyon

- Labis na pagdurugo
- Impeksiyon sa sugat ng operasyon
- Pamumuo ng dugo
- Kawalan ng kakayahang kontrolin ang daloy ng ihi (incontinence)
- Fecal incontinence
- Pagkabaog
- Retrograde ejaculation—Lumalabas ang semilya sa iyong pantog, sa halip na sa pamamagitan ng iyong ari
 - Maaaring maging sanhi ito upang lumabas na kasing puti ng gatas ang ihi pagkatapos ng pagpapalabas ng semilya.
 - Mangyayari ito pagkatapos ng TURP/TUIP. Pagkatapos ng open prostatectomy, hindi makakapagpalabas ng semilya ang mga pasyente.
- Pagkabaog
- Urethral stricture
- Mababang sodium sa dugo pagkatapos ng maraming likidong ginamit upang mahugasan ang pantog sa TURP/TUIP
 - Maaari itong magdulot ng kalituhan, pagkahilo, alta presyon , pagsusuka, at naistorbong paningin.
- Pagtulo ng ihi na nangangailangan ng matagalang pagpapatulo (gamit ang catheter o drain) o muling operasyon
- Pinsala sa tumbong o iba pang kalapit na mga parte
 - Ito ay isang komplikasyon pagkatapos ng radical prostatectomy lamang.

Karaniwang Pananatili sa Ospital

1-5 na araw

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Inumin ang mga gamot ayon sa ibinilin. Maaaring bigyan ka ng iyong doktor ng mga antibiotic upang maiwasan ang impeksiyon at/o mga pampalambot ng dumi upang maiwasan ang pagtitibi .
- Huwag iinumang mga niresetang gamot sa pananakit nang higit sa pitong araw. Pagkatapos ng puntong ito, uminom ng mga di-nangangailangan ng resetang gamot sa pananakit (gaya ng Advil o ibuprofen) kung kinakailangan. Ngunit iwasang uminom ng aspirin o mga produktong naglalaman ng aspirin.
- Kapag nagpapahinga sa kama, panatiliing nakataas ang mga binti at gumagalaw upang maiwasan ang mga pamumuo ng dugo sa malalalim na ugat .
- Upang matulungan ang paggaling, bumalik kaagad sa normal na mga gawain kung maaari.
- Uminom ng maraming mga likido upang linisin ang ihi at dugo sa iyong pantog.
- Maligo gaya sa karaniwan, ngunit iwasan ang mga pagbababad hanggang lubusang gumaling ang sugat.
- Hugasan ang sugat nang dahan-dahan gamit ang hindi matapang na sabon at tubig.
- Huwag magmaneho nang di-kukulangin sa isang buwan pagkatapos ng operasyon.
- Iwasan ang matinding ehersisyo nang anim na linggo pagkatapos ng operasyon.
- Muling makipagtalik kapag kaya mo na.
- Iwasan ang kape, tsaa, cola, cocoa, alak, o maaanghang na pagkain, o anumang ibang pagkain o inuming maaaring makasama sa iyong sikmura, mga bituka, pantog, o urinary tract.

Resulta

Kadalasang nangyayari ang lubusang paggaling sa loob ng anim na linggo.

Maaaring kailanganin mong uminom ng gamot na antispasmodic nang ilang linggo upang gawing normal ang tibay ng iyong pantog. Asahang mababawi ang normal na pag-ihing walang pagtulo.

Maaaring mong kayaning maabot ang sukdulan sa pakikipagtalik, ngunit maaaring wala kang mailalabas o makaranas ng retrograde ejaculation.

Kung ang cancer ay kumalat na mula sa prostate, maaaring kailanganin ang ibang mga uri ng paggamot. Kabilang dito ang radiation , chemotherapy , at hormone therapy .

Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

Pagkagaling sa ospital, tawagan ang iyong doktor kung mangyayari ang alinman sa mga sumusunod:

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido o nana sa hiwa o sugat
- Ubo , kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, o malubhang pagduduwal o pagsusuka
- Pananakit, paghapdi, pagkaramdam na ihing-ihing, o dalas ng pag-ihing, o tuluy-tuloy na pagkakaroon ng madalas na pagdugo sa ihi
- Matingkad na pulang dugo o mga namuong dugo sa iyong ihi
- Pamamaga o pananakit ng tiyan
- Mga pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkahilo, lagnat, o pangkalahatang masamang pakiramdam
- Pagtitibi
- Bago, hindi maipaliwanag na mga sintomas
- Mahinang paglabas ng ihi mula sa catheter

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010052391